



PATNUBAY SA MISA



3 Disyembre 2017

Unang Linggo ng Adbiyento

Taon B

SIMULA NG TAON NG KAPARIAN AT MGA KONSAGRADONG TAO

PAMBANSANG LINGGO NG AIDS

Muling Pagkilala sa Pangangailangan Nating Maligtas

Nagsisimula tayo ngayon ng isang bagong taong liturhiko, na serye ng mga panahon at linggo ng pagninilay at pagsariwa sa mga pangyayaring mapagligtas sa buhay ng ating Panginoong Hesuskristo. Magbatian tayo ng isa pang maligaya't banal na taong liturhiko! Ipinagdiriwang din natin ang Taon ng Kaparian at mga Konsagradong Tao. Alalahanin natin sila sa Eukaristiyang ito.

Ang Unang Linggong ito ng Adbiyento ay tagapagaalaala di lamang ng pangangailangan nating maligtas, kundi ng atin ding tungkuling maghanda sa pagsalubong sa Panginoon.

Naparito na siya bilang isang Sanggol na isinilang sa Betlehem. Ngunit dapat nating tandaan na naparirito siya tuwi-tuwina bilang Tagapagligtas nating lahat. Siya'y darating ngayon sa atin sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito upang bigyang-saysay ang lahat ng nangyayari sa atin at sa kapaligiran. Buksan natin ang ating mga puso sa pagtanggap sa Panginoon.

Ngayong unang Linggo ng Disyembre, ginugunita rin natin ang Pambansang Linggo ng AIDS. Ang Simbahan ay naging pangunahing tagapagtaguyod ng pakikipaglaban sa pagkalat ng AIDS, katuwang sa pagtulong ng maraming NGO at ng iba't ibang sangay ng pamahalaan. Sa kabila nito, kailangang dagdagan natin ang ating pakikilahok sa pagsugpo sa pagkalat ng HIV/AIDS na patuloy na nagiging salot sa pondasyon ng ating lipunan: ang pamilya. Habang sinisikap nating maunawaan ang nakamamatay na sakit na ito, at tulungan ang mga nasa panganib na makakuha ng sakit na ito, alalahanin natin sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito ang mga kapatid nating may HIV/AIDS at ang mga nangangalaga sa kanila.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa iyo'y nananawagan akong walang alinlangan, ikaw ay maaasahang tagapagligtas na tunay sa aglahi ng kaaway.

Pagbati

P –Ang biyaya ng ating Panginoong Hesuskristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikiisa ng Banal na Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Natitipon dito bilang mag-anak ng Diyos ngayong unang Linggo ng Adbiyento, buong pananalig nating hilingin sa Panginoon ang kapatawaran, sapagkat siya'y mabait at mahabagin. (Manahimik saglit.)

P – Panginoong Hesus, inaan-yayahan mo kaming maging mapagbantay, ngunit malimit kaming umasal na animo'y di ka dapat dumating kailanman. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, kumakatok ka sa aming mga puso, humihiling na patuluyin,

ngunit kung minsan kami'y nagbibingi-bingihan. Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P – Panginoong Hesus, ginaganyak mo kaming pansinin ang mga pangangailangan ng aming kapwa, ngunit nagkukunwari kaming di nakakakita. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Panalangin Pambungad

P – Ama naming makapangya-

rihan, bigyan mo kami ng paninindigang tumahak sa landas ng kabutihan. Sa pagdating ni Kristo makasalubong nawa kaming may mabubuting gawa upang kapiling niya sa gawing kanan kami ay makapisan sa iyong pinaghaharian sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 63:16-

17.19; 64:2-7

Ang siping ito ay isang “pam-pamayanang pananaghoy at hinaing” na karaniwan sa mga ipinatapon sa Babilonia na nag-aakalang pinabayaang na sila ng Diyos. Ngunit sa kaibuturan man ng kanilang kahirapan, isang matibay na pananalig ang nag-papalakas sa kanilang pag-asa: na ang Diyos ay siya nilang ama. Balang araw, ipakikita Niya sa kanila ang Kanyang habag at kapangyarihan.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ikaw lamang, Panginoon, ang aming pag-asa’t Amang aasahan; tanging ikaw lamang yaong nagligtas nitong aming buhay. Bakit ba, Panginoon, kami’y tinulatang maligaw ng landas, at ang puso nami’y iyong binayaan na maging matigas? Balikan mo kami, iyong kaawaan, ang mga lingkod mo na tanging iyo lamang. Buksan mo ang langit at ika’y bumaba sa mundong ibabaw, at ang mga bundok kapag nakita ka’y magsisipangatal. Wala pang narinig na Diyos na tulad mo, wala pang nakita ang sinumang tao; Pagkat ikaw lamang ang Diyos na tumulong sa mga lingkod mo na buong tiwalang nanalig sa iyo. Iyong tinatanggap, ang nagsisikap sa mabuting gawa, at ang iyong aral at mga tuntunin ang ginugunita. Nagagalit ka na’y tuloy pa rin kami sa pagkakasala, ang ginawa nami’y talagang masama buhat pa nang una. Ang lahat sa ami’y pawang nagkasala, ang aming katulad kahit anong gawin ay duming di hamak. Ang nakakawangki ng sinapit nami’y mga dahong lagas, sa simoy ng hangi’y tinatangay ito at ipinapadpad.

Wala kahit isang dumulog sa iyo upang dumalangin, wala kahit isang lumapit sa iyo na tulong ay hingin; kaya naman dahil sa aming sala’y hindi mo kami pinansin. Gayunman, Panginoon, aming nalamang ika’y aming Ama, kami’y parang luwad at ikaw ang magpapalayok. Ikaw ang lumikha sa amin, Panginoon, at wala nang iba.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 79

B – *Akitin mo, Poong mahal, iligtas kami at tanglawan!*

R. M. Velez



A- ki-tin mo, Po-ong Ma-hal,



i- lig-tas ka-mi’t tangla-wan!

* **Pastol ng Israel, kami ay pakinggan;** mula sa trono mong may mga kerubin, kami ay tulungan. Sa taglay mong lakas, kami ay iligtas, at tubusin sa hirap! **B.**

* **Ika’y manumbalik, O Diyos na Dakila!** Pagmasdan mo kami mula sa itaas, at ang punong ito’y muling pagyamanin, at iyong iligtas. Lumapit ka sana, ang puno ng ubas na itinanim mo ay iyong iligtas, yaong punong iyon na pinalago mo’t iyong pinalakas. **B.**

* **Ang lingkod mong mahal ay iyong ingatan, yamang hinirang mo ay iyong ipagsanggalang, iyong palakasin bilang isang bansang makapangyarihan!** At kung magkagayon, magbabalik kami’t di na magtataksil sa ’yo kailanman, kami’y pasiglahi’t aming pupurihin ang iyong pangalan. **B.**

Ikalawang Pagbasa 1 Cor 1:3-9

Nag-uumapaw sa tapat na pasasalamat sa lahat ng ginawa ng Panginoon para sa kanila ang pambungad ng Unang Liham ni Pablo sa mga Kristiyanong taga-Corinto. Ang ganitong pahayag ay angkop din sa atin ngayon.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid: Sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaan mula sa

Diyos na ating Ama at sa Panginoong Hesukristo.

Lagi akong nagpapasalamat sa Diyos dahil sa mga pagpapala niya sa inyo sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Sapagka’t sa inyong pakikipag-isa sa kanya, kayo’y umunlad sa lahat ng paraan, maging sa pananalita at kaalaman. Ang katotohanang ipinangaral namin tungkol kay Kristo ay malinaw na nakikita sa inyo anupa’t hindi kayo nagkulang sa anumang kaloob na espirituwal, habang hinihintay ninyong mahayag ang ating Panginoong Hesukristo. Kayo’y aalalayan niya hanggang sa wakas upang matagpuan kayong walang kapintasan sa araw ng ating Panginoong Hesukristo. Tapat ang Diyos na tumawag sa inyo upang kayo’y makipag-isa sa kanyang Anak na si Hesukristong ating Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya Awit 84:8

B – Aleluya! Aleluya!

Pag-ibig mo’y ipakita, lingapin kami tuwina, iligtas kami sa dusa! Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 13:33-37

Kahandaang tanggapin ang Panginoon ay kailangan di lamang sa katapusan ng mundo kundi sa bawat saglit man ng ating buhay pagkat maaari siyang dumating ano mang oras. Naparirito siya sa natatanging paraan ngayong Adbiyento upang hatdan tayo ng kasaganaan ng kanyang mga biyaya.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Magingat kayo at maging handa sapagkat hindi ninyo alam kung kailan ang takdang oras. Katulad nito’y isang taong umalis upang maglakbay sa malayong lupain: ipinababahala ang kanyang tahanan sa mga alipin na binigyan ng kanya-kanyang gawain, at inuutusan ang bantay-pinto na maging laging handa sa kanyang pagdating. Gayon din naman, maging handa kayong lagi, sapagka’t hindi ninyo alam kung kailan darating ang puno ng sambahayan – maaaring sa pagdilim, sa hatinggabi, sa madaling-araw, o kaya’y sa umaga – baka sa kanyang biglang pagdating ay maratnan kayong natutulog. Ang

sinasabi ko sa inyo'y sinasabi ko sa lahat: Maging handa kayo!"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Sa pagsisimula natin sa Adbiyentong ito, dumulog tayo sa Panginoon nang buong pananalig at pagmimithing tanggapin siya sa ating buhay. Sama-sama tayong manalangin:

B –Halina, Panginoong Hesus, at iligtas mo kami!

* Para sa buong pamayanang Kristiyano: Nawa ito'y maging maningning na halimbawa ng tapat na kahandaang sumunod sa kalooban ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, kaparian, at lahat ng mga konsagradong tao: Nawa matagpuan nila sa atin ang kasiyahang kanilang inaasahan habang pinagsisikapin nilang higit tayong mailapit sa Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa nahihirapang maglaan ng panahon sa mga bagay na espiirituwal: Nawa maiayos nila ang kanilang mga pinahahalagahan sa pag-uukol sa Diyos ng pangunahing puwang at panahon sa kanilang buhay. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga may karamdamang wala nang lunas at malapit nang mamatay: Nawa maihanda sila ng Adbiyentong ito para sa kanilang mahalagang pakikipagtagpo sa Dakilang Hukom. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga di pa naaabot ng liwanag ng Ebanghelyo: Nawa matanggap nila si Hesus bilang kanilang Tagapagligtas. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga may HIV/AIDS: Nawa ay patuloy silang umasa kay Hesus, sa kabila ng kanilang karamdaman, at sila nawa ay bigyan ng pangangalagang tulad ng kay Kristo ng mga taong nagmamalasakit sa kanila. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga nanganganib magkaroon ng HIV dahil sa uri ng kanilang pamumuhay na di naaayon sa turo ni Kristo: Nawa ay mapagtanto nila na ang mga utos ng Diyos ay hindi para sila ay paghigpitan kundi upang sila ay pangalagaan at bigyan ng buhay na tunay na malaya sa mga mapang-alipin at mapaglinlang na kaligayahan. Manalangin tayo!**B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating pansariling mga kahalilingan. (*Manahimik saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoon, ipadama mo sa amin ang mapagpagaling na bisa ng Iyong pananahan sa amin. Mapaglingkuran Ka nawa namin nang buong kagalakan sa buong panahon ng Adbiyentong ito. Ikaw na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan. **B –Amen!**



P –Manalangin kayo. . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakina-

bangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga alay na ikaw rin ang nagbigay. Magdulot nawa ito ng gantimpalang kaligtasan na ngayon pa man ay amin nang pinakikinabangan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**

Prepasyo ng Adbiyento I

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapanapanabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo. . .

Pagbubunyi

B – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,

maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tunay na pauunlarin ng Poon ang buhay natin. Ang halamang nakatanim sa bukid nati't lupai'y magbubunga't aanihin.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal,

mapakinabangan nawa namin ang aming pinagsaluhan upang sa aming paglalakbay dito sa lupang papanaw aming mapanaligan ang iyong pagpapalang pangmagpakailanman sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)

Nawa, sa tulong ng Panginoon, lagi ninyong mabatid ang pangangailangan sa Kanyang mapagligtas na pamamalagi sa inyong buhay.

B– Amen!

P– Iligtas Niya nawa kayo sa lahat

ng masama sa buong panahon ng Adbiyentong ito.

B– Amen!

P– Nawa ihanda Niya kayong lagi para sa pagsalubong sa Kanya ano mang oras nang buong pananalig at pag-ibig.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.

B– Salamat sa Diyos!



ANG ADBIYENTONG ITO SA ISANG SULYAP				
MGA LINGGO	UNANG PAGBASA <i>Pangakong kaligtasan Unti-unting paglilinaw</i>	SALMONG TUGUNAN <i>Reaksiyon natin</i>	IKALAWANG PAGBASA <i>Pagliligtas ng Diyos sa atin at ang ating tugon</i>	EBANGHELYO <i>Pagtupad sa pangako ng Diyos at ang papel natin dito</i>
Una	Sitwasyon ng Krisis: Pagpapasaklolo: Halina, Panginoon!	Panginoon, tulutan mo kaming dumulog sa iyo. Iligtas mo kami.	<ul style="list-style-type: none"> • Palalakasin kayo ng Diyos. • Magpakalinis kayo. 	<ul style="list-style-type: none"> • Darating ang Diyos. • Mag-antabay at tupdin ang inyong tungkulin.
Ika-2	Ang Diyos mismo ay siyang darating upang tayo'y iligtas.	Ipakita sa amin ang iyong kabaitan. Ipagkaloob mo sa amin ang iyong kaligtasan.	<ul style="list-style-type: none"> • Lilikha ang Diyos ng bagong langit at bagong daigdig. • Matagpuan nawa kayong malinis at walang sala. 	<ul style="list-style-type: none"> • Darating ang Tagapagligtas. • Ituwid ang landas para sa kanya. (=Magsisi)
Ika-3	Narito ang tagapagpalayang puspos ng Banal na Espiritu.	Nagagalak ang kaluluwa ko sa aking Diyos.	Magalak kayo! <ul style="list-style-type: none"> • Mapagkakatiwalaan ang Diyos. • Umiwas sa anumang masama 	<ul style="list-style-type: none"> • Simula ng katuparan: si Juan Bautista. • Tumulad kay Juan Bautista na mababang-loob at tapat.
Ika-4	Ang Tagapagligtas ay inapo ni David. Ang kaharian niya ay walang hanggan.	Aawitin ko ang kabutihang Panginoon magpakailanman.	<ul style="list-style-type: none"> • Ang plano ng Diyos ay para sa lahat. • Luwalhati at papuri sa Kanyang nagliligtas sa atin sa pamamagitan ni Kristo. 	<ul style="list-style-type: none"> • Ipinaglithi ni Maria ang inapo ni David. • Ang saloobin nati'y dapat na maging gaya ng kay Maria.

<p>Make this Our Gift to our Blessed Mother: A Million Hearts Consecrated to Jesus through Mary <i>From her beloved people of the Philippines,</i> Bayang sumisinta kay Maria</p>	<p>Take a Self-Retreat for 33 days (November 5 to December 7) with Fr. Michael Gaitley's 33 Days to Morning Glory ending with a TOTAL (TOTUS TUUS) CONSECRATION to the IMMACULATE HEART OF MARY</p>	<p>on December 8, 2017, Solemnity of the Immaculate Conception of Mary.</p> <p><small>* Invite your family/organization/school/parish to do it with you. For copies of the book, contact Word & Life (#894-5401/02) or ShopMercy.org or download the ebook from Google Play Store. Share the picture of your Consecration on Facebook: A Million Hearts for Mary. Like and share the page and posts with your friends.</small></p>
--	---	--



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua